
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 10: Komunikasyon ng Pamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 10: Komunikasyon ng Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jezzine F. Salar |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Saturnino C. Mutia, Concorde Alber J. Deniega, Jean C. Caluyong, Julius P. Tesiorna, Joris T. Sulima, Rashiel Joy F. Lepaopao, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Merlinda W. Malimit, |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 10: Komunikasyon ng Pamilya

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 10 para sa Aralin 1 - Komunikasyon ng Pamilya!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 10 para sa Aralin 1 - Umiiral na Komunikasyon sa Pamilya!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Maligayang araw kaibigan. Ngayon ay nasa ikalawang aralin ka ng modyul na ito. Huwag mabagot at patuloy na lakbayin ang panibagong paksa na mas magpapalawak sa iyong kaalaman tungkol sa pampamilyang komunikayon.

Ang pamilya ang pinakamaliit na yunit ng pamayanan kung saan una nating natutunan ang pangunahing bagay sa buhay kalakip na kung paano tayo makipag-ugnayan sa ating lipunan. Dito unang nalilinang ang ating kasanayan sa komunikasyon. Hindi mabubuo ang tinatawag nating pamilya kung walang komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro. Hindi rin maaaring makipagkapuwa o bumuo ng pamayanan kung walang komunikasyon. Bagkus hindi rin naman mahirap ang paglinang ng kakayahang ito kung gugustuhin lang ng tao, bagama't hindi naman maitatago na maraming mga hamon sa pagkamit ng maayos na komunikasyon, isa na rito ay kung anong uri ng komunikasyon ang paiiralin ng bawat isa sa kanilang pamilya at sa lipunang ginagalawan.

Ang komunikasyon ay maaaring makapagbigkis at maaari ring maging dahilan ng pagkasira at pagkakawatak-watak. Samakatuwid, mahalagang matutunan ng bawat miyembro ng pamilya ang uri ng komunikasyong makapagpapaunlad sa ating pagkatao. Karamihan ay nagtatanong kung anong uri ng komunikasyon kaya ang umiiral sa lipunan? Ito ba ay makatutulong sa maayos at mabuting pakikipagkomunikasyon? Paano kaya ang maayos na komunikasyon sa pamilya? Ang komunikasyong bang umiiral sa aming pamilya ay makatutulong para sa kaunlaran ng aming relasyon sa isa't isa?

Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral sa modyul na ito ay masasagot ang mga katanungang ito at mabibigyang puna ang uri ng komunikasyong pinapairal sa naobserbahang pamilya upang magabayan tungo sa pagkamit ng pamilyang may pagtutulungan, pagkakaunawaan at pagkakaisa.

Sa modyul na ito ay malilinang mo ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Nabibigyang-puna ang uri ng komunikasyon na umiiral sa isang pamilyang nakasama, namasid o napanood. (ESP8PB-Ie-3.2)

## *Subukin*

Maraming Pagpipilian
Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Anong uri ng pakikipag-ugnayan sa pamilya na kung saan ay dumadaan sa proseso ng hindi pagkakaunawaan, pagbabangayan ng magkasalungat na ideya at pagtatalo ngunit sa huli ay nagkakaunawaan at nagtutulungan upang malutas ang problemang pinagtatalunan?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

2. Anong komunikasyon naman ang pinapairal ng mga magulang na karaniwang nagsasabi na, "Basta't sundin mo lang ang sinasabi ko nang sa ganoon ay wala tayong pagtatalunan dahil kami ang mas nakaaalam. Papunta pa lang kayo kami ay pabalik na."?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

3. Gusto ni Joy na maibenta ang ibang lupang nabili nilang mag-asawa upang ipambayad sa mga pinagkakautangan. Ngunit bago pa man niya ginawa ang desisyong iyon ay hiningi niya muna ang opinyon ng kanyang asawa at mga anak na nasa tamang gulang na rin. Anong komunikasyon kaya ang pinaiiral ni Joy sa kanilang pamilya?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

4. Alin sa sumusunod ang nararapat na mas pairalin na komunikasyon sa isang tahanan?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

5. Anong uri ng komunikasyong pampamilya ang ipinapakita sa sitwasyong ito, ang mag-asawang Lina at Lando ay abala sa paghahanapbuhay kung kaya'y hindi na nila napagtuunan ng pansin ang mga anak; hinahayaan nila ang mga ito na magdesisyon para sa sarili sa pagnanais na makabawi sa kanilang pagkukulang?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

6. Anong uri ng komunikasyong pampamilya na hindi pinahahalagahan ang pagkakaroon ng bukas at tapat na pag-uusap ng bawat miyembro ng pamilya?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

7. Anong komunikasyon na humihikayat sa mga anak na magsalita at magbahagi ng kanilang iniisip at nararamdaman bagamat sila ay inaasahang sumang-ayon at sumunod ayon sa kagustuhan ng kanilang magulang o nakatatanda?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

8. Bakit mahalagang matukoy ang uri ng komunikasyong mayroon ang isang pamilya?
    A. dahil ito ang mahalagang katangian ng isang matatag at malakas na pamilya
    B. dahil ito ang paraan ng pasalita at hindi pasalitang pagpapalitan ng ideya sa pagitan ng miyembro ng pamilya
    C. dahil nakatutulong ito sa pagpapahayag ng pangagailangan, gusto, damdamin, ideya, pagpapahalaga at malasakit sa ibang miyembro
    D. dahil malaki ang maitutulong nito upang maintindihan ang tunay na dahilan kung bakit nagkakaroon ng problema at hindi pagkakaunawaan

9. Anong uri ng komunikasyon na kung saan ay nagkakaroon ng bukas na pag-uusap kahit may hindi napagkakasunduan, hindi takot sa pagtatalo upang makabuo ng epektibong paraan para malutas ang hidwaan ng pagkakaiba?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

10. May suliranin si Ana sa kanyang pag-aaral at nangangailangan siya ng taong makikinig sa kanya nang walang panghuhusga at handang magbigay sa kanya ng payo. Naisip niya ang kanyang pamilya ngunit natatakot siya sapagkat dati pa man ay pinapaalalahanan silang magkapatid na huwag na huwag silang bibiguin sa inaasahan nito sa kanila. Anong uri ng komunikasyon ang ipinapairal ng mga magulang sa kanilang tahanan?
    A. consensual
    B. laissez-Faire
    C. pluralistic
    D. protective

11. Alin naman sa sumusunod na uri ng komunikasyong pampamilya ang hindi dapat pinapairal ng bawat pamilya sa lipunan lalong-lalo na sa kasalukuyang panahon?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

12. Sa isang pamilyang naharap sa iba't ibang mga pagsubok sa buhay na patuloy na humahamon sa kanilang katatagan, ano ang nararapat na komunikasyong paiiralin sa tahanan?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

13. "Sabihin mo sa akin ang iyong nararamdaman at naiisip bagamat kailangan mo pa ring sundin ang mga payo namin sa iyo ng ama mo sapagkat ito ang nakabubuti sa sitwasyon mo ngayon. Sana'y naiintindihan mo ang desisyon namin sapagkat para lang din naman ito sa sariling kapakanan mo". Anong uri ng komunikasyon ang ipinapakita sa halimbawang ito?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

14. Anong uri ng komunikasyong pampamilya na parehong hindi pinapahalagahan ang pag-uusap at pagkakasundo?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

15. Bakit mahalagang magkaroon ng bukas at tapat na komunikasyon sa bawat miyembro ng isang pamilya?
    A. para maturuan ang mga bata kung paano makipag-ugnayan sa iba
    B. para hindi humantong sa pagkakahiwalay ng magulang at pagkawatak-watak ng miyembro ng pamilya
    C. para magkaroon ng ideya ang bawat miyembro tungkol sa iniisip at nararamdaman ng ibang miyembro ng pamilya
    D. para makabuo ng tahanan na kumikilala sa malayang pagpapahayag ng pagkakaiba, pagmamahal at pagpapahalaga sa isa't isa

# Aralin 1 Komunikasyon ng Pamilya

*Sa mabisang pakikipagkomunikasyon kinakailangang isaalang-alang ang pagkakaiba sa paraan kung papaano unawain ang mga bagay sa mundo at gawin itong gabay sa pakikitungo sa ating kapuwa.*

Ngayon, subukin sa *Balikan* ang natutuhan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



## *Balikan*

**Gawain 1. Ihanay Mo Ako!**

Basahin at unawaing mabuti ang mga sitwasyon. Tukuyin kung alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon sa pamilya o sa lipunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mga Sitwasyon:

A. Hindi nagpansinan ang magkaibigang Kareyl at Cyrel dahil sa mensaheng ipinaabot ng kaklase kay Kareyl na nagsasabing, "Kareyl alam mo bang pinagloloko ka lang ng tinuturing mong kaibigan. Sinisiraan ka niya kapag hindi kayo magkasama. Dati nga sinabi niya sa akin na mukha kang pera kaya nakipaglapit ka sa kanya tapos mahilig kang gumamit ng mga bagay na hindi sa iyo."

B. Pasigaw na nagtatalo ang mag-asawang Ian at Lea dahil sa magkaibang paraan ng pagdidisiplina nila sa anak. Dumating pa sa puntong may mga masasakit na salita ang binibitawan. Sa huli ay parehong nagsasabing, "Hindi solusyon ang pagtatalong ito kung hindi tayo magkakasundo sa iisang bagay. Ang kapakanan ng ating anak ang pinag-uusapan, nararapat lang mauwi ang usapang ito para sa kanya."

C. Habang kumakain ay nagkukwentuhan ang mag-anak tungkol sa mga bagay na ginawa nila buong araw, nang sa kalagitnaan ng pag-uusap ay biglang napatigil sa pagkain ang isang anak, tumayo ito at humakbang papasok sa kanyang silid. Nagalit ang ama dahil sa ginawa nito. Pilit niya itong pinaupo pabalik sa hapag kainan ngunit hindi lang ito kumibo. Mas lalong nagalit ang ama na dahilan ng pagkapalo nito sa kanya at tahimik siyang lumuha.

D. Tumawag si Mark sa kanyang asawang nasa Pilipinas upang linawin ang mga isyung kaniyang narinig tungkol sa pangangaliwa ng asawa at pagkakaroon ng anak sa ibang lalaki. Natakot siyang malaman na totoo ang isyu bagama't mas nangibabaw ang takot na baka masira ang kanilang relasyon dahil sa paniniwala sa walang katotohanang isyu at pagdududa na maaaring humantong sa pagkawala ng kanyang tiwala. Habang nagsasalita si Mark ay tahimik lang na nakikinig ang asawa sa kabilang linya pagkatapos ay sinabing," Bahagya akong nalungkot sa mga narinig ko bagama't malaki ang aking pasasalamat na tinanong mo ako bago mo pinaniniwalaan ang sabi-sabi ng ibang tao. Wala akong iba at matiyaga akong naghihintay sa iyong pagbabalik. Mahal na mahal kita, iyan ang totoo."

E. Nagtatalo ang magkapatid na Cian, Carl, Cheryl at Charlyn sa pag-uusap nila sa *video call* tungkol sa sitwasyon ng kanilang ina na nangangailangan ng pag-aaruga dahil sa sakit na iniinda. Sa kabila ng pagtatalo ay nagplano silang lahat na umuwi na lang muna sa Pilipinas at doon na pag-uusapan ang maaaring gawin para sa ina na hindi naman mahihirapan ang kani-kanilang mga pamilya.

F. Sinasarili ng mag-asawang Joseph at Josefa ang problema tungkol sa pera. Hindi na nila kayang tustusan ang ibang pangangailangan ng anak sa kabila ng kanilang pagsisikap na maibigay ito. Nahihiya silang aminin sa anak na hindi pa muna nila maipagbili ng bagong *cellphone* at damit. Hiningi lang din ito ng anak sa pagbabakasakaling walang problema ang magulang sapagkat hindi rin naman nila pansin na nahihirapan na ang mga ito dahil ni minsan ay hindi sila tinanggihan nito.

| Pagkakaroon ng bukas na Komunikasyon | Kawalan ng bukas na Komunikasyon |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

*Talahanayan 1.1. Pagkakaroon at Kawalan ng Bukas na Komunikasyon*



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



# *Tuklasin*

**Gawain 2. Puna Ko!**

Bigyang-puna ang sumusunod na pahayag ng isang magulang sa kanyang anak at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

1. "May potensyal ka sa pagguhit at kung *Architectural Drafting* ang kukunin mo mas mapapaunlad mo ito. Magkakapera ka pa kaya sa ayaw at sa gusto mo Architectural Drafting ang iyong kukuning kurso sa kolehiyo".
2. "Kung *Engineering* ang sinasambit ng iyong puso at ito ang iyong ikasasaya, susuportahan kita".

Gabay na tanong:

1. Ano ang pagkakaiba ng dalawang pahayag?
2. Ganito ba ang uri ng komunikasyon mayroon sa iyong pamilya?



# *Suriin*

## Mga Uri ng Komunikasyong Umiiral sa Pamilya


Hindi maikakaila na sa kasalukuyan ay nakakaligtaan na ng bawat isang pamilya ang pagpapahalaga sa paglinang nang maayos na komunikasyon sa tahanan. Ito ay impluwensiya ng mga pagbabagong dala ng panahon ng teknolohiyang pagsulong. Samakatuwid, magkakaiba ng paraaan ang bawat pamilya sa pagtugon o pagharap sa mga hamon dahil ito ay nakadepende sa uri ng komunikasyong pinapairal sa tahanan.

Mahalagang matukoy ang uri ng komunikasyong mayroon ang isang pamilya upang matulungan ang bawat kasapi na maunawaan ang kahalagahan nang maayos na komunikasyon sa paghahanap ng solusyon sa tunay na pinag-uugatan ng problemang kinakaharap. Sa paraang ito nakasalalay ang katatagan at pagkakaisa ng isang pamilya.

Ang komunikasyong pampamilya ay nahahati sa apat na uri, ito ay ang consensual, pluralistic, protective at laissez-faire (Cuncic 2019).

**Consensual**

Ang uri ng komunikasyon na naghihikayat sa anak na magbahagi ng iniisip at nararamdaman ngunit sa huli ay desisyon pa rin ng magulang ang masusunod na hindi man lang isinasaalang-alang ang anumang opinyon nito. Sa uring ito ay nakakulong at kontrolado ang pagpapahayag ng mga bata sa inaasahan ng magulang bagaman ay unti-unti namang mapahahalagahan ng mga bata ang pagkakaroon ng komunikasyon at matutuhan ang sistema ng pagpapahalaga ng pamilya.




**Pluralistic**

Ang uri ng komunikasyon na kumikilala sa pagkakaroon ng bukas na pag-uusap na walang panghihigpit at humihikayat sa bawat kasapi ng pamilya na magbahagi ng ideya o opinyon. Sa paraang ito ay nababawasan ang pagkakaroon ng negatibong damdamin at makabubuo ng epektibong paraan para malutas ang hidwaan ng pagkakaiba.



**Protective**

Ito ang uri ng komunikasyon na kailanman ay hindi pinapahalagahan ang pagkakaroon ng bukas na pag-uusap at ang magulang ay may mataas na pamantayan sa inaasahan sa kanyang anak. Sa uring ito ay madalang o bihira lamang ang pag-uusap na maaaring makabubuo ng mas mataas na antas ng negatibong damdamin.




**Laissez-Faire**

Ito ang uri ng komunikasyon na kung saan ay malaya ang mga miyembro ng pamilya na gumawa ng kanilang gusto, maliit lamang ang oras ng pag-uusap at bihirang magkaroon ng hindi pagkakaunawaan. Sa komunikasyong ito ay hinahayaan lamang ang anak na gumawa ng sariling desisyon datapuwa't hindi matutunan ng bata ang kahalagahan ng pag-uusap o komunikasyon at maaari rin niyang pagdudahan ang kakayahan sa paggawa ng desisyon dahil walang masyadong suporta mula sa magulang o ibang kasapi ng pamilya.



Mayroon din tayong tinatawag na karaniwang uri ng komunikasyon ito ay; pasalita o pasulat, di-pasalita at *virtual* na komunikasyon.

- Ang pasalita o pasulat
  Ang komunikasyong gumagamit ng salita upang maipahayag ang iniisip o nararamdaman patungkol sa isang tao o bagay na pag-uusapan.
- Ang di-pasalitang
  Ito ay tumutukoy sa pagpapahayag ng damdamin o gusto sa pamamagitan ng ekspresyon ng mukha, senyas, pandama, mata, galaw o kilos ng kamay, pananamit, tunog at iba pang paraan na hindi gumagamit ng salita.
- *Virtual*
  Ito naman ay tumutukoy sa anumang pagpapahayag na dumadaan sa midyum na makabagong teknolohiya gaya ng kompyuter at internet. Halimbawa, video chat at email.

Bilang tao ay malaya tayong pumili ng paraan sa pagpapahayag ng mensaheng nais ipaabot sa kapwa. Hindi tayo pinipilit kung paano ang maayos na pakikipagkapwa bagkus dapat nating isaisip na ang paraang gagamitin ay dapat makatutulong sa ikaaayos ng paghahatid ng mensahe at ikagaganda ng relasyon sa ibang tao.

Ang pagpili ng komunikasyong paiiralin sa pamilya o lipunan ay isang malaking hamon sa bawa't isa lalong-lalo na makabagong panahon na laganap ang paggamit ng teknolohiya. Mas nagkakaroon pa ng interaksiyon sa social media kaysa sa pamilya, mas maraming oras sa paggamit ng makabagong teknolohiya gaya ng cellphone, laptop, telepono kaysa makipag-usap sa personal. Bagama't ang mga pagbabagong ito ay hindi naman talaga ang pinakaproblema kung hindi, paano tayo tumugon sa mga pagbabagong ito. Halimbawa, hindi puwedeng sabihin na cellphone ang sanhi kung kaya wala ng maayos na komunikasyong nagaganap sa inyong tahanan sapagkat ang tunay na dahilan ay kung anong uri ng komunikasyon ang inyong pinaiiral sa bahay.

Bawat pamilyang Pilipino ay magkaiba ng komunikasyong pinaiiral sa kani-kanilang pamamahay dahil sa magkaibang kultura na nakakaimpluwensiya sa ating pagkatao mula pa man sa ating pagsilang, ang iba naman ay dahil sa sitwasyong kinalalagyan ng bawat miyembro ng pamilya. Halimbawa ay malayo sa piling ang pamilya dahil kailangan magtrabaho sa ibang bansa para maibigay ang mga pangangailangan nito. Sa sitwasyong ito ay natural lang na ang uri ng komunikasyong mamamagitan sa pamilya ay virtual. Ang paniniwala, kalagayan, karanasan, pagpapahalaga na ating kinalakihan ay siyang humuhubog sa ating pagkatao.

Matapos mong malaman ang mga uri ng komunikasyon, alin sa mga ito ang angkop na naglalarawan sa uri ng komunikasyong umiiral sa inyong pamilya? Alin man sa mga uring ito ang pinapairal sa inyong pamilya nawa ay makapagbibigay ka

ng puna at mahihinuha kung alin ang dapat panatilihin, baguhin at paunlarin upang patuloy na mapatatag ang relasyon sa pamilya.

Ang pamilyang mayroong bukas at tapat na komunikasyon ay isang tahanang kumilala sa malayang pagpapahayag ng pagkakaiba, pagmamahal at pagpapahalaga sa kapuwa.



# Pagyamanin

**Gawain 3. Suri Diyalogo!**

Basahin at unawaing mabuti ang mga diyalogo. Tukuyin ang uri ng Komunikasyon (Consensual, Pluralistic, Protective o Laissez-Faire) mayroon ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ___________________________

*(Pag-uwi ng magulang galing sa trabaho)*

| | | |
|---|---|---|
| Anak | : | Magandang gabi po. Salamat at nandito na kayo. Nay, tay magpapaalam po sana ako . . . |
| Ina | : | Walang problema anak basta ikaw. |
| Ama | : | Mag-ingat ka. |

*(Kinabukasan pag-uwi ng anak at papunta na rin ang magulang sa trabaho)*

| | | |
|---|---|---|
| Ina | : | O, anak nandiyan ka na pala. Pumasok ka na at kumain. |
| Ama | : | Sige na baka mahuli pa tayo sa ating lakad. Aalis na kami. Paalam. |
| Anak | : | Pero tay . . . |

*(sa may hapagkainan)*

| | | |
|---|---|---|
| Anak | : | Nay, tay, halina po kayo. Sabay na tayong maghapunan. Kanina ko pa kayo hinihintay. |
| Ina at ama | : | Sige na anak mauna ka nang kumain may kailangan pa kaming gawin. Susunod nalang kami mamaya. |

*(Kinaumagahan. Nakaupo at nakatunganga ang anak sa may pintuan. Ang magulang ay palabas na ng bahay)*

| | | |
|---|---|---|
| Anak | : | Paalis na po ba kayo? Oo nga pala nay, hihingi po sana ako ng pera. |
| Ama | : | Sige Anak. Ito ang card ko gamitin mo to sa mga pangangailangan mo. Nagmamadaling umalis |
| Anak | : | Malungkot na tinitigan ang papalayong magulang. |

2. ________________________

*(Nasa hapag kainan at kumakain ang pamilya.)*

| | | |
|---|---|---|
| Anak | : | Nay, Tay nais ko po sanang malaman ninyo na gusto kong sanang magtrabaho sa labas ng bansa dahil sigurado akong malaki ang kikitain ko roon kaysa rito. |
| Tatay | : | Kumain ka muna bago ka mangarap nang malayo. |

*(mukhang galit na pagkakasagot)*
*(Pag-uusap ng ina at anak habang nagluluto.)*

| | | |
|---|---|---|
| Anak | : | Nay tungkol po doon sa sinabi ko nais ko po sanang ipagpatuloy ang planong iyon kung sakaling ipagkakaloob ninyo. Malaking oportunidad na po ito para makaahon tayo sa kahirapan. |
| Nanay | : | Sundin mo na nga lang kung anong gusto namin para sa iyo. |

*(Pag-uusap ng magkapatid.)*

| | | |
|---|---|---|
| Kapatid | : | O, matutuloy ka ba sa iyong plano? |
| Gia | : | Ewan ko kuya. Naguguluhan ako. Mukhang hindi yata ako papayagan ni nanay at tatay. |
| Leo | : | Ngayon, ano na ang ang desisyon mo? Kita ko nga parang galit si tatay nang minsan mong sinabi sa kanya. |

*(May katawag sa telepono.)*

| | | |
|---|---|---|
| Kaibigan | : | Gia, ano na? Tuloy ka na ba? |
| Gia | : | Hindi na siguro Jel para hindi na sumama ang loob ng aking magulang. (Malungkot na ibinalita) |
| Kaibigan | : | Talaga ba. Ano ba yan! Sila naman ang matutulungan sa plano mong iyan. |
| Gia | : | Ok lang Jel. Susundin ko na lang ang gusto nila kahit mahirap. |

3. ________________________

*(sa isang family reunion)*

| | | |
|---|---|---|
| Nanay | : | Nandito lang din naman tayong lahat, siguro magandang pag-usapan natin ang tungkol sa pagbebenta ng lupa na minana ng iyong ama sa kanyang magulang. Alam niyo naman na may problema tayo sa pera ngayon dahil sa pagkakasakit ng inyong ama. Pero ang problema natin ay hindi papayag ang iyong ama sa planong ipagbili ito. |
| Anak | : | Eh, Ano ba ang dahilan niya at hindi siya papayag? Nahihirapan nga kami sa pangangailangan namin sa aming sariling pamilya. |
| Anak 2 | : | Kung ganoon na hindi papayag si ama, maraming pera naman si ate siya na lang muna ang sasagot sa lahat ng gastusin ni tatay sa pagpapagamot. Ok lang siguro yan sa iyo wala ka pa namang sinusuportahang pamilya. |

Anak 3 : Aba! Hindi naman puwede yan. Lahat tayo rito ay mga anak niya. Hindi lang naman ako. Bakit kailangang ako lang! Kasalanan ko pa ngayon kung bakit wala pa akong asawa at mga anak kaya ako dapat ang magbigay ng tulong kay tatay.

Nanay : *(Maluha-luhang nagsalita ang ina)* Ano ba kayo! Kailangan pa talagang magkaroon ng pagtatalo bago tumulong. Kami ba noon ng tatay n'yo ay nagtalo kung sinong magpapakain at magpapa-aral sa inyo? Ang pamilya ay nagtutulungan nang walang hinihintay na kapalit. Kung ayaw n'yo, sige magsiuwian na kayo at kami nalang ng tatay n'yo ang hahanap ng paraan. Nakakahiya naman sa inyo.

Anak 3 : Pasensiya na po nay. Ano ba kayo, di ba nandito tayo para magkaisa at hindi para magbangayan. Buhay ng ama natin ang pinag-uusapan dito. Hindi ba kayo nahahabag? Kahit sa panahong ito ay magkaisa naman tayo para maayos natin ang problemang ito ng pamilya.

Anak 1 at 2: Sige. Pasensiya na rin. Huwag na nating galawin ang lupang iyan bagama't kanya-kanya nalang tayo ng paraan para makapag-ambag ng tulong pinansiyal kay ama.

4. ______________________________

*(nag-uusap na ama at anak na babae)*

Ama : Anak, isang taon nalang at magko-kolehiyo ka na. Kailangan mong kunin ay kursong may kinalaman sa pagnenegosyo. Matalino ka naman at huwag mong kakalimutan na inaasahan kita.

Anak : Pero Tay . . .

*(habang pinag-iisipan na kung paano niya sasabihin sa ama na hindi niya gusto ang kursong ito)*

Ama : Wala ng pero pero. Pinag-iipunan ko na ang pag-aaral mo. Ang gagawin mo lang ay ang mag-aral nang mabuti. Wala ka ng ibang dahilan para hindi mo magawa ang inaasahan ko sayo.

Anak : Tay alam mo namang malayo ang puso ko sa kursong iyan. Bakit po ba iyan ang gusto niyong ipakuha sa akin? Marami namang mas maganda pa riyan.

Ama : Basta wala ng marami pang tanong anak. Ang gusto ko ay gugustuhin mo! Wala ng masyadong reklamo. Sundin mo nalang ang sinasabi ko. Huwag mo na akong bigyan pa ng dahilang magalit.

Anak : Opo Tay.

*(Sumang-ayon siya sa ama bagama't mabigat para sa kanya ang pagdedesisyon nito na hindi man lang ipinaliwanag sa kanya nang maayos ang dahilan kung bakit ito naging pagpapasya.)*

## Gawain 4. Tanong Mo! Sagot Ko!

Unawain mabuti at sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Paano naging hamon sa komunikasyon ng pamilyang Pilipino ang pagbabagong dala ng modernong panahon?

2. Ano nga ba ang totoong hamon sa komunikasyon, ang pagbabagong dala ng modernong panahon o ang paraan ng pagtugon natin sa mga pagbabagong ito?

3. Sa tingin mo, bakit may iba't ibang uri ng komunikasyon ang umiiral sa bawat isang pamilyang Pilipino?

**Rubrik sa Pagsagot**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakalinaw ang pagkalahad ng ideya at kaisipan. Nakasagot sa 3 katanungan hinggil sa komunikasyon | Malinaw ang pagkalahad ng ideya at kaisipan. Nakasagot sa 2 katanungan hinggil sa komunikasyon | Hindi malinaw ang pagkalahad ng ideya at kaisipan. Nakasagot sa 1 katanungan hinggil sa komunikasyon |
| Organisasyon | Napakaayos ang pagkalahad ng kaisipan, may simula, gitna, wakas at kongklusyon | Maayos ang pagkalahad ng kaisipan, may simula, gitna, wakas ngunit walang kongklusyon | Hindi maayos ang pagkalahad ng kaisipan, may simula, ngunit walang gitna, wakas at kongklusyon. |
| Kabuoang Puntos 20 puntos | | | |

**Gawain 5. Suri Sitwasyon! Puna Karanasan!**

Bigyang-puna ang diyalogo na maaaring narinig mula sa kasamahan, naobserbahan at napanood ng pamilyang Pilipino. Punan ang hinihingi sa bawat hanay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Diyalogo | Anong uri ng Komunikasyon na mayroon ang Pamilya sa ganitong sitwasyon? | Ano ang relasyon ng mga kasapi ng pamilya sa ganitong sitwasyon? | Ano ang dapat gawin upang mapabuti ang ugnayan sa bawat kasapi ng pamilya? |
|---|---|---|---|
| 1.<br>Celia: Honey, bilisan mo d'yan, baka ma-late pa tayo sa trabaho. Yaya Alice, ikaw na'ng bahala sa mga anak ko ha?<br>Yaya: Opo Ma'am. | A. consensual<br>B. laissez-faire<br>C. pluralistic<br>D. protective | | |
| 2.<br>Jake: Mom, kailan kayo uuwi ni Dad sa Pilipinas? Labin-limang taon na kayo sa Amerika. Umuwi naman kayo sa susunod na buwan magtatapos na ako sa kolehiyo.<br>Ina: Anak, si Tita Jane na lang ang sasama sa iyo. Sayang iyong kikitain namin dito. Pandagdag na ito sa panggastos diyan. | A. consensual<br>B. laissez-faire<br>C. pluralistic<br>D. protective | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3.<br>Juana: Kuya, akala mo hindi ko malalaman ang sinabi mo kay mama na ako ang kumuha ng pera niya? Kuya naman napulot ko 'yun sa hagdanan ng bahay natin, hindi ko 'yon ninakaw!<br>Jake: Juana, patawad nagkamali ako sa pagkaintindi sa nakita ko. | A. consensual<br>B. laissez-faire<br>C. pluralistic<br>D. protective | | |
| 4.<br>Ama: Anak, kapag nagtapos ka na ng pag-aaral mo, gusto ko si James ang mapapanga-sawa mo!<br>Sandra: Pa, ayoko sa kanya.<br>Ama: Ah, basta ako ang masusunod. | A. consensual<br>B. laissez-faire<br>C. pluralistic<br>D. protective | | |
| 5.<br>Leila: Ma, naisipan kong sumali sa Bb. Pilipinas ngayong taon, kaya ko kaya?<br>Aling Norma: Ewan ko sa iyo, D'yan ka na nga, may gagawin pa ako. | A. consensual<br>B. laissez-faire<br>C. pluralistic<br>D. protective | | |




# *Isaisip*

**Gawain 6: Akrostik**

Bigyan ng kahulugan ang salitang komunikasyon batay sa iyong nauunawaan sa paksang tinalakay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| **K** | |
| **O** | |
| **M** | |
| **U** | |
| **N** | |
| **I** | |
| **K** | |
| **A** | |
| **S** | |
| **Y** | |
| **O** | |
| **N** | |

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Akrostik | Lahat ng letra ay nabigyang kahulugan na naglalarawan sa katuturan ng komunikasyon | Mayroong 2 letra na hindi naglalarawan sa katuturan ng komunikasyon | Mayroong 4 na letra na hindi naglalarawan sa katuturan ng komunikasyon |
| Kabuoan 10 puntos | | | |



# *Isagawa*

**Gawain 7. Obserbasyon Ko! Puna Ko!**

Gumawa ng isang obserbasyon sa uri ng komunikasyon na umiiral sa inyong tahanan o lipunan at isulat ito sa talahanayang nasa ibaba pagkatapos ay tukuyin kung anong uri ito ng komunikasyon napapabilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Sitwasyong Obserbasyon** | **Uri ng Komunikasyong Umiiral** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

Pamantayan sa Pagmamarka:

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Natukoy na uri ng komunikasyon sa tahanan | Nakatukoy ng apat na uri ng komunikasyon sa tahanan | Nakatukoy ng dalawa na uri ng komunikasyon sa tahanan | Nakatukoy ng isa na uri ng komunikasyon sa tahanan |
| Kawastuhan ng sitwasyong naobserbahan sa tahanan | Nakalahad ng apat na sitwasyong naobserbahan angkop sa bawat uri ng komunikasyon | Nakalahad ng dalawa na sitwasyong naobserbahan angkop sa bawat uri ng komunikasyon | Nakalahad ng isa na sitwasyong naobserbahan angkop sa bawat uri ng komunikasyon |
| Kabuoang Puntos | | | |



# *Tayahin*

Maraming Pagpilian

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pahayag. Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot.

1. Alin naman sa sumusunod na uri ng komunikasyong pampamilya ang hindi dapat pinapairal ng bawat pamilya sa lipunan lalong-lalo na sa kasalukuyang panahon?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

2. Sa isang pamilyang naharap sa iba't ibang mga pagsubok sa buhay na patuloy na humahamon sa kanilang katatagan, ano ang nararapat na komunikasyong paiiralin sa tahanan?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

3. "Sabihin mo sa akin ang iyong nararamdaman at naiisip bagamat kailangan mo pa ring sundin ang mga payo namin sa iyo ng ama mo sapagkat ito ang nakabubuti sa sitwasyon mo ngayon. Sana'y naiintindihan mo ang desisyon namin sapagkat para lang din naman ito sa sariling kapakanan mo". Anong uri ng komunikasyon ang ipinapakita sa halimbawang ito?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

4. Anong uri ng komunikasyong pampamilya na parehong hindi pinapahalagahan ang pag-uusap at pagkakasundo?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

5. Bakit mahalagang magkaroon ng bukas at tapat na komunikasyon sa bawat miyembro ng isang pamilya?
   A. para maturuan ang mga bata kung paano makipag-ugnayan sa iba
   B. para hindi humantong sa pagkakahiwalay ng magulang at pagkawatak-watak ng miyembro ng pamilya
   C. para magkaroon ng ideya ang bawat miyembro tungkol sa iniisip at nararamdaman ng ibang miyembro ng pamilya
   D. para makabuo ng tahanan na kumikilala sa malayang pagpapahayag ng pagkakaiba, pagmamahal at pagpapahalaga sa isa't isa

6. Anong uri ng pakikipag-ugnayan sa pamilya na kung saan ay dumadaan sa proseso ng hindi pagkakaunawaan, pagbabangayan ng magkasalungat na ideya at pagtatalo ngunit sa huli ay nagkakaunawaan at nagtutulungan upang malutas ang problemang pinagtatalunan?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

7. Anong komunikasyon naman ang pinapairal ng mga magulang na karaniwang nagsasabi na, "Basta't sundin mo lang ang mga sinasabi ko nang sa ganoon ay wala tayong pagtatalunan dahil kami ang mas nakaaalam. Papunta pa lang kayo kami ay pabalik na."?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

8. Gusto ni Joy na maibenta ang ibang lupang nabili nilang mag-asawa upang ipambayad sa mga pinagkakautangan. Ngunit bago pa man niya ginawa ang desisyong iyon ay hiningi niya muna ang opinyon ng kanyang asawa at mga anak na nasa tamang gulang na rin. Anong komunikasyon kaya ang pinaiiral ni Joy sa kanilang pamilya?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

9. Alin sa sumusunod ang nararapat na mas pairalin na komunikasyon sa isang tahanan?
   A. consensual
   B. laissez-faire
   C. pluralistic
   D. protective

10. Anong uri ng komunikasyong pampamilya ang ipinapakita sa sitwasyong ito, ang mag-asawang Lina at Lando ay abala sa paghahanapbuhay kung kaya'y hindi na nila napagtuunan ng pansin ang mga anak; hinahayaan nila ang mga ito na magdesisyon para sa sarili sa pagnanais na makabawi sa kanilang pagkukulang?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

11. Anong uri ng komunikasyong pampamilya na hindi pinahahalagahan ang pagkakaroon ng bukas at tapat na pag-uusap ng bawat miyembro ng pamilya?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

12. Anong komunikasyon na humihikayat sa mga anak na magsalita at magbahagi ng kanilang iniisip at nararamdaman bagamat sila ay inaasahang sumang-ayon at sumunod ayon sa kagustuhan ng kanilang magulang o nakatatanda?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

13. Bakit mahalagang matukoy ang uri ng komunikasyong mayroon ang isang pamilya?
    A. dahil ito ang mahalagang katangian ng isang matatag at malakas na pamilya
    B. dahil ito ang paraan ng pasalita at hindi pasalitang pagpapalitan ng ideya sa pagitan ng miyembro ng pamilya
    C. dahil nakatutulong ito sa pagpapahayag ng pangagailangan, gusto, damdamin, ideya, pagpapahalaga at malasakit sa ibang miyembro
    D. dahil malaki ang maitutulong nito upang maintindihan ang tunay na dahilan kung bakit nagkakaroon ng problema at hindi pagkakaunawaan

14. Anong uri ng komunikasyon na kung saan ay nagkakaroon ng bukas na pag-uusap kahit may hindi napagkakasunduan, hindi takot sa pagtatalo upang makabuo ng epektibong paraan para malutas ang hidwaan ng pagkakaiba?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

15. May suliranin si Ana sa kanyang pag-aaral at nangangailangan siya ng taong makikinig sa kanya nang walang panghuhusga at handang magbigay sa kanya ng payo. Naisip niya ang kanyang pamilya ngunit natatakot siya sapagkat dati pa man ay pinapaalalahanan silang magkapatid na huwag na huwag silang bibiguin sa inaasahan nito sa kanila. Anong uri ng komunikasyon ang ipinapairal ng mga magulang sa kanilang tahanan?
    A. consensual
    B. laissez-faire
    C. pluralistic
    D. protective

## *Karagdagang Gawain*


### Gawain 8: PAANO KUNG?

Punan ang tsart. Isulat sa bahagi ng Posibleng Katugunan / kahihinatnan sa Komunikasyong umiiral sa isang pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Paano kung?** **Posibleng Katugunan o Kahihinatnan**

1. Paano kung Consensual na Komunikasyon ang umiiral sa isang pamilya?
2. Paano kung Pluralistic na Komunikasyon ang umiiral sa isang pamilya?
3. Paano kung Protective na Komunikasyon ang umiiral sa isang pamilya?
4. Paano kung Laissez-Faire na Komunikasyon ang umiiral sa isang pamilya?

| Pamantayan | Napakahusay (10 puntos) | Mahusay (8 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipaliliwag ng may kalinawan ang apat na uri ng komunikasyong umiiral sa tahanan | Naipaliliwag ng may kalinawan ang dalawang uri ng komunikasyong umiiral sa tahanan | Naipaliliwag ng may kalinawan ang isang uri ng komunikasyong umiiral sa tahanan |
| Kabuoang Puntos | | | |



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1.C
2.D
3.C
4.C
5.B
6.D
7.A
8.D
9.C
10.D
11.B
12.C
13.A
14.B
15. D

**Balikan**
Pagkakaroon ng Bukas na Komunikasyon
B
D
E

Kawalan ng Bukas na Komunikasyon
A
C
F

**Pagyamanin**
**Gawain 1**
1. Laissez-Faire
2. Consensual
3. Pluralistic
4. Protective

**Gawain 3**
1. B
2. A
3. C
4. D
5. B

**Subukin**
1.B
2.C
3.A
4.B
5.D
6.C
7.D
8.C
9.C
10.B
11.D
12.A
13.D
14.C
15.D

# *Sanggunian*


**Aklat:**

Bognot, Regina Mignon C. ,et.al. (2013). *Edukasyon sa Pagpapakatao 8 Modyul para sa mga Mag-aaral.* Vibal Publishing House Inc. Pasig City, NCR

R. M. et.al, (2013). *Edukasyon sa Pagpapakatao 8 Modyul para sa Mag-aaral.* Pasig City, NCR: Vibal Publishing House Inc.

**Hanguang Elektroniko:**

Cuncic, A., 2019. *oureverydaylife*. oureverydaylife.com. Accesed May 11, 2020 https://oureverydaylife.com/types-communication-patterns-families-7948054.html

Banduch, Kaitlin, (2014*). "Using the Theory of Motivated Information Management (TMIM) and Family Communication Patterns (FCP) to Understand Individual Decisions to Undergo Genetic Testing for Huntington's Disease (HD)."* Electronic Thesis or Dissertation. Kent State University. Accessed May 11, 2020 from https://etd.ohiolink.edu/

Paz, Y. L. (prezi.com) prezi.com. Accesed May 11, 2020, https://prezi.com/pi3vi8sxewyb/antas-ngkomunikasyon/.

*prezi*. (n.d.). prezi.com Accesed May 11, 2020, https://prezi.com/f5gvd18n9gm/family-communication-patterns-model/.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph